SFMTA




San Francisco Municipal Transportation Agency
(Munisipal na Ahensyang Pantransportasyon ng San Francisco)

# Pagbabalanse sa ating Badyet sa FY 2025 at 2026







**Nais naming makipagtulungan para lumikha ng network ng transportasyon na may pagkakapantay-pantay at mapapanatili para sa hinaharap.**

# Binabayaran ng Badyet ng SFMTA ang ...




72 LINYA NG MUNI




MGA BUS AT LRV




MGA CABLE CAR



2,500 DRAYBER NG MUNI



PARATRANSIT




MGA BANTAY SA TAWIRAN



DISENYO NG KALYE



MGA TAXI



BIKESHARE



MGA SIGNAL NA PANTRAPIKO




KALIGTASAN SA KALYE



IMPRASTRUKTURA NG TRANSIT

# Mga Naisakatuparan Kamakailan



CENTRAL SUBWAY



MAHIGIT NA .5M NA BIYAHE NG TRANSIT



SENTRONG MAPAGKUKUNAN NG TRANSPORTASYON NG BAYVIEW



467 MILYA NG DAANAN NG BISIKLETA




43 MILYA NG SLOWER STREETS




PAGSAKAY NG PASAHERO NA TUMAAS NG 25%

# Badyet sa Pagpapatakbo ng SFMTA




# Ang SFMTA ay isang Ahensyang Pangnegosyo

Tumatanggap ang SFMTA ng pondo mula sa Pangkalahatang Pondo ng SF, ngunit kailangan naming punan ang natitirang bahagi sa badyet sa pagpapatakbo mula sa sarili naming kita, ang aming "negosyo".



# Kita ng SFMTA sa FY 23-24

Ang badyet sa pagpapatakbo ay pinopondohan ng Pangkalahatang Pondo ng SF at ng "mga kita sa negosyo" (mga pamasahe sa transit at singil sa paradahan). Mula pa noong pandemya, nagbigay ang pederal na pamahalaan ng malaking tulong sa pagpopondo.





**KABUUAN: $1,473**

# Mga Gastos ng SFMTA sa FY23-24

Ang mga kawani ay ang pinakamahalagang mapagkukunan ng SFMTA.

64% ng mga gastos ay pinopondohan ang 5,900+ manggagawa. 2,500 sa kanila ang nagmamaneho ng Muni.

97.25% ng mga posisyon hindi pang-tagapamahala.




**KABUUAN: $1,473**


# Konteksto ng Badyet

1. Mas mababa ang kita kaysa bago ang pandemya.
2. Ang mga gastos ay mas mataas dahil sa implasyon.
3. Nahigitan ng gastusin ang kita ng SFMTA noong FY22-23, ngunit binalanse namin ang badyet gamit ang mga pederal na pondong pantulong.
4. Ang pederal, pang-estado at panrehiyong tulong ay inaasahang mauubos sa FY25-26.



# Bumabangon pa rin Tayo mula sa Pandemya

Ang kita noong FY22-23 **$375M**—o **mas mababa ng 25%**— kaysa noong FY18-19, na ini-akma sa implasyon.




# Mataas na Antas ng Pagtatrabaho sa Bahay (WFH)

Ang SF ay pangalawa sa may pinakamataas na antas ng WFH. 40% ng trabaho sa SF ay ginagawa sa bahay. Iyon ay nangangahulugan na ang mga taong iyon ay hindi bumibiyahe papunta sa mga opisina, ibig sabihin ay hindi sila nagbabayad ng mga pamasahe sa Muni o pumaparada sa mga garahe sa downtown.



# Mababa ang Kita sa Transit


Ang kita sa transit ay **mas mababa ng 62%** kaysa sa FY18-19, na ini-akma sa implasyon.




# Mababa ang Kita sa Pagparada ng Sasakyan

Ang kita sa pagparada ng sasakyan ay **mas mababa ng 38%** kaysa noong FY18-19, na ini-akma sa implasyon.

Makasaysayang Kita sa Pagparada ng Sasakyan ($M)






# Para isara ang puwang sa badyet sa FY25-26, kailangang makahanp ang SFMTA ng hindi bababa sa $12.7M na bagong kita.

# Pagbawas ng Gastos para sa FY 24-25

- Ipinapatupad lamang namin ang **mga pagbabago sa serbisyo na neutral sa gastos** para sa Muni.
- Kasama sa mga taon ng **mga pagpapabuti sa kahusayan** ang:
  - Muling i-invest ang mga natipid na oras ng pagbiyahe sa Muni sa karagdagang serbisyo
  - Mga pagpapabuti sa paghahatid ng proyekto
  - Pagsasama-sama ng mga ginagampanan ng ahensya
- Noong FY22-23, nilimitahan namin ang pagkuha ng mga empleyado sa mga pangunahing posisyon. Nakatipid ito ng **$52.8 M**.
- Sa FY24-25 & FY25-26, babawasan namin ang mga gastos na hindi pang-manggagawa (tulad ng mga materyales at suplay) ng **$33.7M** sa FY24-25 at **$25.5M** sa FY25-26.

# Mga Priyoridad ng Komunidad

Ang pagpapabuti sa bilis, dalas at pagkamaaasahan ng Muni ay ang nangungunang priyoridad ng komunidad.



# Istratehiya sa Pagbabadyet ng SFMTA

- **Kontrolin ang mga gastos**: ipatupad lamang ang mga pagbabago sa serbisyo na neutral sa gastos.
- **Pahabain ang mga pang-isang beses na mapagkukunan** tulad ng pederal, pang-estado at panrehiyong tulong na pantransportasyon.
- **Magpokus sa FY24-25 and FY25-26** ngunit magplano ang para sa inaasahang kakulangan na $240M sa FY 26-27.
- Ang mga kawani ay nagmungkahi ng mga pagkakakitaan na magsisimula sa Hulyo 1, 2024 para **maisara ang puwang sa FY25-26**.



# Buod ng mga Rekomendasyon ng mga Kawani

| Kategorya | Opsyon | Kabuuang Kita sa 2 Taon | Gastos para sa mga kustomer sa loob ng dalawang taon (Hulyo 1, 2024 - Hunyo 30, 2026) |
|---|---|---|---|
| Mga pamasahe sa Muni | Alisin ang diskwento sa Clipper sa loob ng dalawang taon<br>Mananatiling pareho ang mga pamasaheng cash | $5.2 milyon | +$.25 sa unang taon<br>+$.25 sa pangalawang taon |
| Mga multa sa pagparada ng sasakyan | Taasan ng 5% | $3.7 milyon | +$9 para sa ticket sa paglilinis ng kalye sa loob ng dalawang taon<br>+$7 para sa paglabag sa metro ng paradahan sa loob ng dalawang taon |
| Mga singil ng RPP | Ipatupad ang pag-iindise ng implasyon + mga karagdagang gastos | $2.9 milyon | +$20 sa unang taon<br>+$25 sa pangalawang taon |
| Mga singil ng taxi | Ibalik ang mga singil ng taxi at ilapat ang pag-iindise ng implasyon | $1.2 milyon | Aang mga kumpanya ng taxi ang maapektuhan |

# Ikaw naman ngayon



# Kita/Mga Nalilikom





**Mga Singil at Multa sa Pagparada ng Sasakyan**




**Mga Pamasahe sa Transit**




**Programa ng Permit sa Residensyal na Pagparada**




**Mga Serbisyo ng Taxi**

# Mga Paraan para Mapataas ang Kita

## Mga mungkahi para mapataas ang kita

**Mga pamasahe sa Muni**
- Iindise ang mga pamasahe sa Muni para maisaalang-alang ang implasyon
- Alisin ang diskwento sa Clipper sa loob ng dalawang taon

**Mga multa sa pagparada ng sasakyan**
- Iindise ang mga multa sa pagparada ng sasakyan para maisaalang-alang ang implasyon

**Mga singil sa residensyal na pagparada**
- Iindise ang mga singil sa pagparada ng sasakyan para maisaalang-alang ang implasyon
- Bawiin ang mga dagdag na gastos

**Mga singil ng taxi**
- Ibalik ang mga singil ng taxi at iindise ang mga ito para maisaalang-alang ang implasyon

**Iba pang mga ideya?**

# Mga Halimbawa ng Gastusin



**Serbisyo ng Muni**





**Kaligtasan sa Muni**



**Kaligtasan ng Kalye**




**Ligtas na Pagbiyahe sa Paaralan**




**Pamamahala sa Kasikipan ng Trapiko**

# Mga Paraan para Mabawasan ang Paggasta

| Mga halimbawa ng mga programa at serbisyong maaaring putulin upang mabawasan ang mga gastos |
|---|
| Dami ng serbisyo ng Muni |
| Kaligtasan ng Muni |
| Mga Vision Zero Quick Build |
| Ligtas na pagbiyahe sa paaralan |
| Pamamahala sa kasikipan ng trapiko |
| Iba pang mga ideya? |

# Mga Plano ng Pakikipag-ugnayan sa Publiko

- Mga Pakikipagpulong sa SFMTA Citizen Advisory Council, San Francisco Youth Commission, SFMTA Youth Advisory Council
- Dalawang sesyon ng pakikinig sa buong lungsod:
    - Huwebes, Pebrero 22 virtual (sa Zoom)
    - Sabado, Marso 2 sa personal (SF Public Library na sangay sa Richmond)
- Mga pakikipagpulong kasama ang mga organisasyong nakabase sa komunidad, grupo ng mangangalakal at iba pa para malikom ang kanilang opinyon.



# Pagsasapanahon ng Badyet

**TAG-INIT/ TAGLAGAS**

Tantiyahin ang kita

I-update ang 5-Taon na Pananaw sa Pananalapi

**TAGLAGAS**

Bumuo ng pangunahing badyet sa pagpapatakbo

Ilaan ang mga kita ng CIP

**ENERO**

Workshop ng Lupon ng MTA

Sisimulan ang pakikipag-ugnayan sa publiko

**PEBRERO/ MARSO/ ABRIL**

Ipagpapatuloy ang pakikipag-ugnayan sa publiko

Mga pagdinig sa badyet

Pagkilos sa badyet

**MAYO**

Isumite ang balanseng badyet sa Mayor sa Mayo 1

**HUNYO**

Isusumite ng Mayor ang badyet sa Lupon ng mga Superbisor

Pag-aaralan ng Lupon ng mga Superbisor ang badyet

**HULYO**

Pagkilos o hindi pagkilos ng Lupon ng mga Superbisor

**AGOSTO**

Lalagdaan ng Mayor ang badyet

# May mga Tanong?
# Komento?
# Suhestiyon?

